



ST. VINCENT'S HEALTH SYSTEM, INC.

KALKULASYON NG HALAGANG KARANIWANG SINISINGIL (AGB)

Huling Binago: 07/01/2023

Kinakalkula ng St. Vincent's Health System, Inc., ang mga porsyento ng AGB sa ibaba gamit ang "look-back" na pamamaraan at kasama ang Medicare fee-for-service at lahat ng mga pribadong tagaseguro sa kalusugan na nagbabayad ng mga paghahabol sa Organisasyon, lahat alinsunod sa IRS Reg. Sec. 1.501(r)-5(b)(3), 1.501(r)-5(b)(3)(ii)(B) at 1.501(r)-5(b)(3)(iii). Inilalarawan sa ibaba ang mga detalye ng mga kalkulasyon at mga porsyento ng AGB.

Ang porsyento ng AGB para sa St. Vincent's Health System, Inc., ay ang sumusunod:

Ascension St. Vincent's Riverside 17.9%
Ascension St. Vincent's Southside 19.5%
Ascension St. Vincent's Clay County 19%
Ascension St. Vincent's St. Johns County 25.9%
Ascension St. Vincent's Healthcare Consolidated Lab Services 19.55%

St. Vincent's Medical Group 34.5%

Ang porsiyentong ito ng AGB ay kinalkula sa pamamagitan ng paghati ng suma ng mga halaga ng lahat ng mga paghahabol ng pasilidad ng ospital para sa emerhensiya at ibang medikal na pangangalagang kailangan na pinahintulutan ng Medicare fee-for-service at lahat ng mga pribadong tagaseguro ng kalusugan na nagbabayad ng mga paghahabol sa pasilidad ng ospital ayon sa suma ng kaugnay na kabuuang singilin sa mga paghahabol na iyon. Ang tanging mga paghahabol na ginagamit para matukoy ang AGB ay iyong mga pinahintulutan ng isang tagaseguro ng kalusugan sa loob ng 12 buwan na panahon bago ang pagkalkula ng AGB (sa halip na mga paghahabol na kaugnay sa ibinigay na pangangalaga sa loob ng naunang 12 buwan).

Sa kabila ng naunang mga kalkulasyon ng AGB, ang St. Vincent's Health System, Inc., ay piniling ilapat ang mas mababang mga porsyento ng AGB para sa lahat ng mga singilin sa pasilidad, mga bayarin sa propesyonal na serbisyo at mga serbisyo sa lab gaya ng sumusunod:

AGB: 18%